

Binhi

Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr.

YUGTO 1

TAUHAN:

KORO/KASAMA

PARATIKANG

PALAY

PANAHOON:

NGAYON

POOK:

VISAYAS

I. PAGESABOD

Papasok ang mga manonood sa tanghalan na aabutan ng KORO/KASAMA ng binhing ihahasik.

Isasalaysay ang lahat ng KORO/KASAMA na umaawit at sumasayaw:

*“Kailangan ang paghahasik ng punla ay maaga,
Bago dumating ang Araw ng mga Kaluluwa,
Dahil kung hindi ang mga binhi ay matutuyo na
At maaaring salakayin ng peste at iba pa.”*

Mapapanood ang mga magsasakang nagtatanim na naglalagay ng isang suklay, isang karayom, at isang tabog sa gitna ng punlaan:

*“Dapat itong gawin sa una o ikatlong araw ng buwan.
Dapat may suklay para tumubong tuwid ang uhay.
Dapat may karayom ay para magi siyang matibay.
Dapat may tabog ay upang sa ibon may tagabugaw!”*

Habang ang KORO/KASAMA ay naghahalo ng ilang palay sa banal na palay mula pa sa pagbabasbas niya noong Mahal na Araw, sila ay umaawit:

*“Madilim noon ang buhay na panay gulay
At walang ibang butil na iniaalay
Sa lupa at langit na walang kulay
Hanggang biglang dumating si Palay.*

*Sariwa sa matang namumuti sa gutom,
Sa taingang nakakarinig ng ugong,
Sa ilong na matagal nang di makaamoy —
Siyang galing Tsinang nagturo ng paglusong.”*

Ang iba ay maghahasik ng abo sa lahat ng panig sa saliw ng awitan naalitan:

*“Kahit mahirap magbunot ng damo
O magdilig sa iyo nang walang poso —
Kami ay napilitan at nagpumilit matutong
Umimbento ng kung tawagin ay araro.*

*Nariyang kami ay gumawa ng pilapil
O ng patubig na dadaan sa mga bangin;
Pagpuputikin namin maging ang buhangin
Basta ikaw lamang ay maihain at makain.”*

Ang ilan ay magsusunog ng damu-damo at ikakalat ang abo sa lupa, habang kumakantang nagpapastol ng mga kalabaw sa bukid upang maging pataba ang kanilang dumi:

*"Hayop na hayop sinikap naming umamo
Upang makatulong sa iyong pagtubo;
Upang makatulong sa aming pagtubo
Hayop na hayop sinikap kaming umamo.*

*Dahil sa iyo, walang naging imposible
Bulok na bayabas ay nagkaroon ng silbi;
Kaming Juan at Mariang Tamad dati
Ay naging Hari at Reynang marumi."*

II. PAGTATANOM

Makikita ang mga KORO/KASAMA na tinititigan ang mga mata ng alagang pusa at saka aawit:

*"Ang malaking mata ng pusa
Ang mata ng bagyong darating kaya
Dapat ang pagtatanim natin ay saka
Na lang muna
Sa halip na magsaka tayo ay magwala
Upang mawala ang banta
Ng namumuong sigwa
Sa tulong ng gitara at iba pang lilikha
Ng tunog at tinig ng araw na payapa."*

Magsisimula ng ritwal ang PARATIKANG. Tahimik siyang pupunta sa gitna ng entablado nang may hawak na tanglad, magkukurus, at mananalanging tangan ang kanyang dasalan at dakot ng palay sa kaliwa't kanang kamay:

1. isang Ama Namin,
2. isang Aba Ginoong Maria,
3. isang Gloria sa ngalan ng Birheng Maria;
4. isa pang Ama Namin para kay San Isidro;
5. isa pa uling Ama Namin para sa patron ng simbahan.

Magdadasal siya nang tahimik at pagkuwan ay magtatanim ng mga halamang kanya ring hawak bilang alay. Kukuha siya ng isang bungkos ng binhi mula sa punlaan:

*“Thahagis ko ito papalayo sa Diyos.
Ihahagis ko ito para sa mga diablos.
Ihahagis ko ito sa lupang pagod
Upang ito ay lumakas muli ang loob.”*

Sasaliwan ito ng pagpapaputok ng labentador kada bungkos. Maaaring sumayaw sa tugtog rondalla ang mga magsasaka na yumuyuko mulang baywang nang paulit-ulit na hindi itinitiklop ang tuhod, hawak ang mga punla sa kaliwang kamay, sa gawing tuhod, ikinakampay ang kanang kamay para kunin nang isa hanggang tatlong uhay sa posisyong patatsulok (hinlalaki, hintuturo, at hinlalato) sa bandang ugat nito, at ibabaon sa putik. Mabilis at maayos ang tono ng musikang maaaring lagyan ng titik ng mga tsismis.

Aawitin ng KORO/KASAMA ang paghahati ng bungkos sa pito:

*“Para sa pitong galak at hapis ng Diyos
Para sa Birheng Mariang may pitong saya at lungkot.
Para kaligayahan at tagumpay ay maging lubos
Para ang pag-ani nating hindi na matatapos!”*

Pagkatanim, ang PARATIKANG ay tatalon nang ilang metro habang sumisigaw ng “Ah!”

Ipapaliwanag ng KORO/KASAMA nang paawit ang kanilang gagawin:

*“Ito ay upang makiusap sa Poong mahabagin
Na ang mga susunod sa kanya sa pagtatanim
Ay sa kanilang paghihirap ay magiging matulin
Sapagkat habambuhay silang pagpapalain.”*

Magtatanim muli ang PARATIKANG nang tatlong hanay paatras at tatlong hanay pasulong.

Ito ang wakas ng ritwal bago silang lahat kumain ng isang masaganang almusal.

Aawitin ng KORO/KASAMA ang awit ng mga magsasaka:

*“Tumingala ka sa buwan sa itaas;
Sa ngiti at simangot ng panahon umindak;
Dahil ipinagkatiwala ng Faraon sa iyo
Ang mga binti ni San Isidro.”*

Tutula ang PARATIKANG ng kanyang balak:

*“Balak kong mapasaakin itong ari-ariang naisangla.
Balak kong itirik dito ang aking munting dampang.
Balak kong dito ang mag-anak ko ay magsimula.
Balak ko pala ay di balak ng panginoong may yuta.”*

Walang ano-ano, magpuputukang baril at magsasabugang bomba sa di-kalayuan, magkukumpulan ang mga tauhan sa isang sulok sa gawing itaas ng entablado, at, sa paghupa ng kaguluhan sa labas, saka magkukuwento ang PARATIKANG ng Alamat ng Palay.

Habang siya ay nagsasalaysay nang may saliw ng musika, sa gawing ibaba ng entablado mapapanood ang pagbibigay-buhay sa kanyang mga salita habang umaambon.

Sa gitna ng pag-ulan ng bala at banlik, masusunod sa susunod na yugto ni Palay hanggang maging si Bigas.

YUGTO 2

TAUHAN:

KORO/KASAMA
PARATIKANG/MUMBAKI
PALAY/BIGAS

PANAHOON:

KAHAPON

POOK:

LUZON

I. PAGSILANG

Magbubukas ang tanghalang malamalam ang ilaw.

Makikitang naninigas ang KORO/KASAMA sa lamig.

Pipilitin pa ring kumilos ng PARATIKANG magiging isang MUMBAKI:

Kanyang kakantahin ang epikong huuwa ukol kay Bigas:

*“Kanila nang isinalin sa baso ang alak at ininom;
Pagkaraan, sila ay nanalangin at bumulong
Sa kanilang mga ninuno sa magkabilang panig
Upang ang kanilang alamat ng palay ay marinig.*

*Tapos na silang manawagan at inilabas na ang manok,
Kanila nang binasbasan ang mga binhing iuugsok;
Laslas na ang lalamunan ng inahin at wakwak na,
Labas na ang loob para makita ang apdo kung maganda.”*

Habang ito ay inaawit, makikita sa gitna ng entablado ang isang bagong silang na Puting Uod na hindi mapakali sa pagparoo’t parito upang maging isang butil ng bigas. (Maaaring gamitan ito ng papet o laro sa anino.)

Gagalaw ang uod ayon sa kuwento ng MUMBAKI ukol sa 12 Ritwal ng Palay ng mga Ifugao sa Banaue.

Sa kabila nito, bilang juxtaposition, maaaring awitin ng KORO/KASAMA ang tatlong sanhi ng pagkasira nito:

*“May taas mang na 5,000 talampakan
May irigasyon mang sa grabidad lumalaban,
Mulang sapa hanggang lupa man ang hatid
Ng ipinandidilig na dalisay na tubig.*

*Balewala, balewala, balewala,
Kung tayo ay magpapabaya.*

*May taas mang na 5,000 talampakan
May irigasyon mang sa grabidad lumalaban,
Mulang sapa hanggang lupa man ang hatid
Ng ipinandidilig na dalisay na tubig.*

*Walang kuwenta, walang kuwenta, walang kuwenta
Kung ang kaunlaran ay walang kuwento na.*

*May taas mang na 5,000 talampakan
May irigasyon mang sa grabidad lumalaban,
Mulang sapa hanggang lupa man ang hatid
Ng ipinandidilig na dalisay na tubig.*

*Sayang, sayang, sayang
Kung maaawi sa pagguho lamang.”*

Sa punto ito, maaaring gawing kontrapunto ito ng kanta ng MUMBAKI:

*“Nakapanghihinayang si Bigas
Na bigay ng nasa Itaas.*

*Nakapanghihinayang na ang banal
Ay bawal nang igalang.*

*Nakapanghihinayang pagkat kaluluwa’t
Katawan natin at ng palay ay iisa.”*

Magsasanib ang lakas ng tinig ng KORO/KASAMA at ng MUMBAKI sa pag-awit ng kaganapan ni Bigas:

*“Kung ikaw para sa mga Kachin
ay sa gitna ng daigdig nanggaling...
bakit dito para kang patakbuhan?*

*Kung ang Emperador, sa ganang-Shinto,
ay anak ng diyos mong si Ninigo-no-mikoto...
bakit dito para kang sinisino-sino?*

*Kung sa India, nag-utos sina Vishnu at Indra
kung papaano palikihin ka...
bakit dito tila walang pakialam sila?*

*Kung ginagamas kang paisa-isa sa Bali
dahil ito ang gusto ng diyos na si Dewi Sri...
bakit dito sinasabunutan ka pag inaani?*

*Sa buong Asya, babae ka kung igalang —
nagbubuntis, nanganganak, namamatay —
bakit dito puting uod ang iyong pinagmulan?*

*Bakit ka namin gusto at kailangan
samantalang mayroon namang tinapay
at sa ulam puede na kaming mabuhay?*

*Ano at hindi kita masisisi
at paano hindi mo rin ako masisisi
kung hinahanap-hanap kita araw-gabi?*

*Saan ka nga ba nag-umpisa, sa Tsina
o sa basag na palayok sa Non Nok Tha
o espiritu kong naghahanap ng kuweba?*

*Kailan mo nasilayan ang liwanag sa mundo
para sa gutom na diwa at damdamin ko
ikaw ang tanglaw mula doon hanggang dito?*

*Sino ka nga ba talaga, O. Glaberrimang giliw,
O. Sativang liyag, O. Rufipogong akin,
O Indica o Japonica o Sinicang isinaing?”*

II. PAGPANAW

Matatahimik ang lahat.

Matatanto nilang wala naman silang pagkaing pagsasaluhan.

Matitiyak nilang sila ay nananaginip lamang nang gising.

Isa-isang matutumba sila nang pasayaw.

Dito isasagawa ng di-magkandaugagang MUMBAKI na dala-dalang munting aklat at bigas sa kaliwa’t kanang kamay — ang ritwal ng paggagamot.

At paglilibing.

YUGTO 3

TAUHAN:

KORO/KASAMA

PARATIKANG/MUMBAKI/ALKEMISTA

PALAY/BIGAS/KANIN

PANAHOON:

BUKAS

POOK:

MINDANAO

I. PAG-AANI

Magbubukas nang madilim ang tanghalan nang walang laman.

Walang pananim at pagtatamnan.

Matatanglawan ang MUMBAKI na aawit nang malungkot na himig na walang titik.

Sasaluhin ng KORO/KASAMA ang kanyang awiting papalakas nang papalakas.

Di-kaginsa-ginsa, uusbong ang isang bagay mula sa tambakan ng bangkay.

Sa paglakas ng mahina at mabagal na punebre, unti-unting may gagalaw na Puting Uod na hindi mapakali sa pagparoo't parito upang maging isang butil ng bigas. (Maaaring gamitan muli ito ng papet o laro sa anino.)

Magiging palayan ang dating libingan.

II. PAHIMAKAS

Sa pagbabaliktanaw ng aawit na KORO/KASAMA na matatangay ng napakalakas na hangin at buhangin makaraang awitin ito nang umaatungal at ulit nang ulit hanggang sila ay lumabas sa entablado:

*“Sa loob at labas ng bayan kong sawa
Sa mga ugat na naaagnas at basa;
Sukdang pati tae ng tao ay naging pataba
Sa tigang sa pagmamahal na lupa.”*

Habang nakapikit sa kanyang meditasyon, sa mata ng unos, unti-unti si MUMBAKI ay magmimistulang ALKEMISTA.

Taimtim pa rin siyang magdarasal hanggang lamunin ng nakabubulag na liwanag.

Isisigaw niya sa itaas ang kanyang mantrang nakasulat sa kanyang bitbit ng librito at kanin sa kaliwa’t kanang kamay:

*“Los Banos, tungro, Beachell & Khush, hanip, 1 ½ ektarya,
kulisap, 170 araw, Green Revolution, 9,500 milyong tonelada,
troso, El Nino, Ku, Frankenstein, 1986, mestizo, Nueva Ecija,
Austronesian, IR36, kaingin, Peng, mandirigma, milagrosa.”*

Sa pagbanggit ng huling salita, magiging nakabibingi ang katahimikan.

Marahang madidinig ang papalapit na prusisyong parang parada sa pag-aagawan ng mga tao ng iba’t ibang arangya at aning nakasabit sa mga bahay na daraanan.

Ito ay kabibilangan ng lahat ng tauhang nakita sa simula hanggang wakas sa ngalan ng pista ni San Isidro Labrador.

KANIN na si BIGAS na ginawang kiping.

TELON